



2023



**SERYE NG IMPORMASYON NG MAGULANG**  
Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland:

Karagdagang Gabay sa

**Alternatibong  
Balangkas ng  
Edukasyon**



## PANIMULA

Ang Serye ng Impormasyon ng Magulang ay isang koleksyon ng mga publikasyong idinisenyo upang suportahan ang mga pamilya sa pambuong estadong sistema ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa Maryland. Sa pamamagitan ng booklet na ito, tinatanggap ka namin sa komunidad ng mga dedikadong propesyonal at gagabayan ka sa prosesong nilikha ng batas ng pederal at estado upang suportahan ang tagumpay ng iyong anak at tulungan ang iyong pamilya.



# TALAAN NG MGA NILALAMAN

pahina 4

**Ano ang Alternatibong Balangkas ng Edukasyon?**

---

pahina 5

**Paano Natutukoy na Kwalipikado ang Isang Bata na Makilahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon?**

---

pahina 6

**Pahintulot ng Magulang sa Proseso**

---

pahina 7

**Mga Pagpipilian at Epekto Pagkatapos ng Mga Desisyon sa Pahintulot**

---

pahina 8

**Mga Resulta sa Nakikilahok na mga Mag-aaral sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon**

---

pahina 9

**Checklist para sa mga Magulang**

---

pahina 10

**Glosaryo ng Mga Termino**

---

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin kami sa  
**[www.marylandpublicschools.org](http://www.marylandpublicschools.org)**



## Ano ang Alternatibong **Balangkas ng Edukasyon?**

Ang layunin ng espesyal na edukasyon ay tiyakin na ang lahat ng karapat-dapat na batang may kapansanan ay makakatanggap ng libreng angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education), o FAPE, na nakakatugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan at naghahanda sa kanila para sa karagdagang edukasyon, trabaho, at pamumuhay nang mag-isa.

Inaasahan na ang lahat ng mag-aaral ay magkakaroon ng parehong mga pamantayan sa antas ng baitang at nakakatugon sa mataas na mga inaasahan, gayunpaman, kinikilala ng batas na ang maliit na grupo ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pag-iisip, ay maaaring hindi makamit ang parehong mga pamantayan na naaangkop sa lahat ng mag-aaral, kahit may mga masinsinang serbisyo sa espesyal na edukasyon.

Maaaring mangailangan ang mga mag-aaral na ito ng pagtuturo at pagtatasa gamit ang mga binagong pamantayan. Nagbibigay-daan ito sa mga kawani ng paaralan na magpokus sa mahahalagang kasanayan sa antas ng baitang at nagbibigay-daan para sa masinsinan at direktang pagtuturo at paulit-ulit na pagsasanay. Habang ang mahahalagang elemento ng pagtuturo gamit ang Alternatibong Balangkas ng Edukasyon ay nakahanay sa Maryland College and Career Ready Standards, binago ang mga ito upang matutuhan ng mag-aaral ang mga pangunahing konsepto bago lumipat sa kurikulum ng antas ng baitang. Ang mga pagtatasa ng estado ay iba rin sa pagtatasa sa mga mag-aaral sa mga pamantayan sa antas ng baitang na binago at hindi gaanong kumplikado kaugnay sa kung saan maaaring masuri ang ibang mga mag-aaral.

”

Ang programang pang-edukasyon [ng bata] ay dapat na angkop sa kanyang kasalukuyang kalagayan....Maaaring magkakaiba ang mga layunin, ngunit nararapat na magkaroon ng pagkakataon ang bawat bata na maabot ang mga mapanghamon na layunin.”

— Andrew F. v. Douglas County School Dist. \_ U.S. \_ (2017)



## Paano Natutukoy na Kwalipikado ang Bata na Makilahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon?

Upang maging karapat-dapat na lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon, ang pangkat ng Individualized Education Program (IEP) ng iyong anak, na kinabibilangan mo, ay gagawa ng desisyon bawat taon. Kung iniisip ng pangkat ng IEP na maaaring karapat-dapat ang iyong anak na lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon dahil mayroon silang kapansanan sa pag-iisip, kukumpletuhin ng pangkat ang dokumentong tinatawag na "Apendise A" bilang bahagi ng IEP. Tinitingnan ng dokumentong ito ang sumusunod:

- 1** Ang mag-aaral ba ay may IEP na may kasamang espesyal na idinisenyong pagtuturo at datos ng pagganap na nagpapakita na kahit sa mga suportang ito, hindi matututunan ng mag-aaral ang mga pangkalahatang pamantayan? AT
- 2** Ang mag-aaral ba ay may kapansanan sa pag-iisip? AT
- 3** Ang learning content ba ng mag-aaral ay hango mula sa Maryland College and Career Ready Standards sa Ingles/sining ng wika, matematika, at sa Next Generation Science Standards na nakahanay sa kurikulum sa antas ng baitang na ginawan ng makabuluhang pagbabago upang umunlad ang mag-aaral? AT
- 4** Nangangailangan ba ang mag-aaral ng malawak, direkta, pang-indibidwal, at paulit-ulit na pagtuturo at malaking suporta upang makamit ang nasusukat na mga tagumpay sa iniangkop at binagong kurikulum?





## Pahintulot ng Magulang sa Proseso

Sa Maryland, ang hiwalay na pahintulot ay kinakailangan para sa paglahok sa binagong kurikulum at sa mga alternatibong pagtatasa ng Estado, kaya hihilingin sa mga magulang na lumagda nang dalawang beses. Ang parehong mga desisyon-sa paglahok sa kurikulum at pagtatasa- ay ginagawa bawat taon, karaniwan sa pagpupulong para sa taunang pagsusuri ng iyong anak.

Dapat maunawaan ng mga magulang na ito ay dalawang desisyon. Ang unang desisyon, kung ang iyong anak ay lumahok sa mga binagong pamantayan, natutugunan kung ano ang matututuhan ng iyong anak sa bawat araw. Sa iyong pahintulot, kakailanganin pa ring matutuhan ng iyong anak ang "mahahalagang elemento" ng mga pamantayan sa antas ng grado, ngunit babaguhin ang mga ito. (Tingnan ang halimbawa sa ibaba).

Ang pangalawang desisyon, kung magbibigay ba ng pahintulot na lumahok ang iyong anak sa mga alternatibong pagtatasa ng Estado, ay ginagawa rin taun-taon.

May karapatan ang mga magulang na bawiin ang pahintulot sa alinman o pareho sa mga desisyong ito anumang oras. Kung hindi gagawa ng desisyon ang magulang dahil hindi sila sigurado, o may iba pang dahilan, ipapatupad ng pangkat ng IEP ang kanilang desisyon pagkatapos ng 15 araw sa kalendaryo.

Pamantayan sa Antas ng Ika-5 Baitang

Mahahalagang Elemento mula sa Pamantayan ng Ika-5 Baitang

Ipaliwanag ang mga ugnayan o interaksyon sa pagitan ng dalawa o higit pang indibidwal, pangyayari, ideya, o konsepto sa makasaysayan, siyentipiko, o teknikal na teksto batay sa partikular na impormasyon sa teksto.

Paghambingin ang dalawang indibidwal, pangyayari, o ideya sa teksto

Mahalagang Tanong: Paano pinoprotektahan ng Talaan ng mga Karapatan ang mga mamamayan ng Estados Unidos? Susuriin ng mag-aaral kung paano nag-aambag ang mga indibidwal na may iba't-ibang interes sa paglitaw ng mga pananaw ng mga pederalista at kontra-pederalismo;

Suriin kung paano naiimpluwensiyahan ng Deklarasyon ng Mga Karapatan sa Maryland ang debate tungkol sa pagpapatibay sa pagitan nina Daniel Carroll, Luther Martin, at John Francis Mercer;

Tukuyin ang layunin at kahalagahan ng unang sampung Pag-aamiyenda sa Konstitusyon;

Tuklasin kung paano isinasagawa ang mga pagbabago sa kasalukuyang panahon sa Maryland at sa bansa.

Mahalagang Tanong: Paano pinoprotektahan ng Talaan ng mga Karapatan ang mga mamamayan ng Estados Unidos? Babasahin ng mga mag-aaral ang unang sampung Pag-aamiyenda sa Konstitusyon ng US at tuklasin kung paano ginagamit ang mga ito sa kasalukuyang panahon sa Maryland at sa bansa.



## Mga Pagpipilian at Epekto Pagkatapos ng Pahintulot ng Magulang

Dapat magbigay ng pahintulot ang magulang sa kanilang anak na lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon. Kung sasabihin nilang hindi, kakailanganin ng kanilang anak na makabisado ang pangkalahatang kurikulum, na mayroong hindi nabagong mga pamantayan sa antas ng grado na binibigyan ng mga suporta at serbisyo sa espesyal na edukasyon gaya ng nakabalangkas sa kanilang IEP. Sila ay tatasahin at mamarkahan bilang mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon ayon sa mga patakaran ng iyong sistema ng paaralan. Susuriin din ang mga ito gamit ang mga akomodasyon at suporta na pinahihintulutan ng pangkalahatang pagtatasa ng Estado.

Ang hiwalay na pahintulot ay kailangan para lumahok ang iyong anak sa binagong mga pamantayan sa pag-aaral at sa mga alternatibong pagtatasa ng Estado. Bagama't maaaring magkaayon ang dalawang desisyong iyon, maaaring piliin ng mga magulang na pahintulutan ang isa, at hindi sa iba, pareho, o wala. Kahit na nakumpleto na ng pangkat ng IEP ang Apendise A at natukoy na ang bata ay karapat-dapat na lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon, maaari pa ring magpasya ang magulang na hindi magbigay ng pahintulot na gawin nila ito. Ang paaralan ay patuloy na may obligasyon na bigyan ang bata ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE). Kung magpasya ang paaralan na ang tanging paraan upang mabigyan ang bata ng FAPE ay ang lumahok ang mag-aaral sa Alternatibong Balangkas, dapat nilang pagdaanan ang mga proseso ng pormal na paglutas ng hindi pagkakaunawaan gamit ang pagpamamagitan at/o pagdinig ukol sa nararapat na proseso upang malutas ang hindi pagkakaunawaan. Ito ay iniaatas ng batas ng pederal at estado.

Sa paggawa ng desisyon kung magbibigay sila ng pahintulot, dapat tandaan ng mga magulang na:

- Ginagawa taun-taon ang desisyon sa pakikilahok;
- Maaari nilang bawiin ang pahintulot anumang oras;
- Ang desisyon sa pakikilahok ay hindi nagdidikta ng placement, kapaligiran kung saan matututo, paaralan, o programa;
- Kapag mas matagal ang pagsali ng bata sa Alternatibong Balangkas, mas mababa ang posibilidad na makakuha sila ng diploma; gayunpaman;
- Maaari pa ring subukan ng iyong anak na makakuha ng diploma kung maaari.



## Mga Resulta para sa mga Mag-aaral na Nakikilahok sa **Alternatibong Balangkas ng Edukasyon**



Ang lahat ng mag-aaral ay inaasahang magkaroon ng mahigpit na pagtuturo na idinisenyo upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan. Ang pakikilahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon ay hindi nagdidikta ng anumang partikular na placement ng iyong anak. Ang mga ito ay ganap na magkahiwalay na desisyon at iniutos ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act) na ang lahat ng mag-aaral ay dapat turuan kasama ang mga kapantay nilang walang kapansanan sa pinakamalawak na saklaw hangga't maaari. Ang utos na ito ay pantay na nalalapat sa mga mag-aaral na may kapansanan sa pag-iisip. Ang katotohanan na sila ay lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon ay hindi nangangailangan na sila ay turuan sa hiwalay na programa, silid-aralan, o paaralan, maliban kung ang mga indibidwal na pangangailangan ng iyong anak ay nangangailangan na sila ay bigyan ng pagtuturo sa labas ng silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon.

Dapat na maunawaan ng mga magulang na mula sa elementarya pasulong, kapag mas matagal na lumahok ang kanilang anak sa Alternatibong Balangkas, alinman o parehong pagtuturo sa silid-aralan at pagtatasa ng Estado, mas magiging mahirap para sa mag-aaral na matuto, at masuri sa kanilang pagkatuto ng, pangkalahatang mga pamantayan ng kurikulum sa antas ng baitang na kailangan upang makakuha ng mga kredito at makapasa sa mga kinakailangang pagtatasa ng Estado na kailangan upang makuha ang kanilang diploma sa sandaling makaabot sila sa mataas na paaralan. Gayunpaman, ang sinumang mag-aaral na lumalahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon ay hindi dapat panghinaan ng loob na subukang makuha ang kanilang diploma.

Ang mga mag-aaral na maaaring hindi makakuha ng kanilang diploma ay makakatanggap ng Sertipiko ng Pagkumpleto sa Programa ng Maryland. Sa mataas na mga inaasahan at plano, ihahanda sila ng kanilang edukasyon para sa paglipat sa karera at pamumuhay sa komunidad nang may kalayaan at tagumpay.





## Checklist para sa mga Magulang

### MASASAGOT MO BA NG "OO" ANG MGA SUMUSUNOD NA MGA TANONG?

Kung hindi, tawagan ang tagapamahala sa kaso ng iyong anak, ang tagapangasiwa ng iyong anak, ang Family Support Coordinator sa iyong sistema ng paaralan, o ang pangkat ng Family Support sa MSDE.

#### Ang Alternatibong Balangkas ng Edukasyon

- Naiintindihan ko ba kung paano natutukoy na karapat-dapat ang isang mag-aaral na lumahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon sa Maryland?
- Naiintindihan ko ba ang tungkol sa aking karapatan na pumayag at ang mga resulta ng mga desisyong iyon?
- Naiintindihan ko ba ang tungkulin ko sa proseso ng paggawa ng desisyon?
- Alam ko ba na maaari kong ibahagi ang mga alalahanin at priyoridad ng aking pamilya sa pagpapalano para sa edukasyon ng aking anak?
- Naiintindihan ko ba na kailangan kong magbigay ng nakasulat na pahintulot taun-taon para lumahok ang aking anak sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon?
- Naiintindihan ko ba ang mga aksyon na maaaring gawin ng sistema ng paaralan batay sa aking mga desisyon?
- Naiintindihan ko ba ang mga posibleng resulta ng aking mga desisyon tungkol sa paglahok ng aking anak sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon?
- Kung ang aking anak ay napatunayang karapat-dapat para sa makilahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon, naiintindihan ko ba kung bakit?



# Glosaryo ng mga Termino sa Paglipat sa Sekundarya

## **Alternatibong Balangkas ng Edukasyon**

Isinasama ang parehong pagtuturo at pagtatasa na inilaan para sa mga mag-aaral na may pinakamakabuluhang kapansanan sa pag-iisip.

## **Maryland College and Career Ready Standards (MCCRS)**

Mga pamantayan sa antas ng baitang sa buong estado na nagbibigay ng malinaw, mataas ang kalidad na mga inaasahan sa akademiko para sa lahat ng mag-aaral.

## **Malaking Kakulangan sa Pag-unawa**

Isang pagtitipon ng datos na sumasalamin sa kakayahang umangkop, gumanap, gumamit ng pag-iisip sa profile sa pag-aaral ng mag-aaral.

## **Mahahalagang Elemento**

Mga pamantayan sa pagkamit sa antas ng baitang na hango mula sa, at nakahanay sa MCCRS, upang matiyak na makakamit ng lahat ng mag-aaral ang matataas na resulta sa pag-aaral.

## **Apendise A**

Ang IEP form na pupunan ng pangkat taun-taon upang matukoy kung natutugunan ng mag-aaral ang mga pamantayan para makalahok sa Alternatibong Balangkas ng Edukasyon.

## **Maryland Comprehensive Assessment Program (MCAP)**

State Assessment program na nagbibigay ng impormasyon sa mga tagapagturo, magulang at publiko sa pag-unlad ng mag-aaral tungo sa kahusayan sa Maryland College and Career Ready Standards.



## **MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION**

### **Mohammed Choudhury**

State Superintendent of Schools

### **Dr. Deann Collins**

Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning)

### **Clarence C. Crawford**

Pangulo, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (President, Maryland State Board of Education)

### **Wes Moore**

Gobernador

© 2023 Maryland State Department of Education

Ang publikasyong ito ay binuo ng Maryland State Department of Education, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon (Division of Early Intervention and Special Education Services) na may mga pondo mula sa U.S. Department of Education, Grant #H393A090124A, Special Education-Grants for Infants and Families "Recovery Funds" sa ilalim ng PL 105-17/111-5 Individuals with Disabilities Education Act/American Recovery and Reinvestment Act. Ang Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services ang namumunong ahensya para sa Maryland Infants and Toddlers Program, ang programa ng mga serbisyo at suporta sa buong estado na inaayos ng mga ahensya at organisasyon ng Estado at lokal. Ang mga gumagamit na kumukopya o nagbabahagi ng impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay dapat magbigay ng karangalan sa Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services, Dr. Deann Collins, Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pagkatuto (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning).



410-767-0100



[www.marylandpublicschools.org](http://www.marylandpublicschools.org)



200 West Baltimore Street  
Baltimore, MD 21201-2595